POPE PAUL



MGA SALOOBIN SA KASAYSAYAN:

TRIPTIK NA SERYE

BAYANIVERSE

HENERAL LUNA (2015)

GOYO: ANG BATANG HENERAL (2018)

QUEZON (2025)

MGA SALOOBIN SA KASAYSAYAN:

TRIPTIK NA SERYE

POPE PAUL

Copyright © 2026 ni Pope Paul
All rights reserved.

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin, kopyahin muli, o ipamahagi sa anumang paraan nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may-akda, maliban sa maiikling sipi para sa rebyu o pagsusuri.

Ang aklat na ito ay isang orihinal na likha ng may-akda. Anumang pagkakatulad sa tunay na tao, pangyayari, o sitwasyon ay maaaring nagkataon lamang maliban kung tahasang binanggit.

Self-published in the Philippines.

Unang edisyon, 2026

Ginawa at inayos ng may-akda

PAG-AALAY

Iniaalay ko ang aklat na ito sa mga Pilipinong patuloy na naghahanap ng katotohanan sa likod ng kasaysayan, at sa mga kabataang hindi nagsasawang magtanong, magsuri, at magmahal sa bayan.

Pope Paul
May-akda

PASASALAMAT

Taos-pusong pasasalamat unang-una sa Panginoong Hesus. Walang hanggang pasasalamat sa Panginoon. Sa lumikha ng sining na ito, Mr. Jerrold Tarog, maraming salamat po sa ibinigay mong inspirasyon upang magbahagi sa amin ng kasaysayan at maisalawaran sa aming isipan ang kasaysayan. Salamat sa mga magulang ko na sina Gerardo H. Palencia at Alice M. Palencia, kahit wala tayong pera ay sinuportahan ninyo ako sa pagsusulat ko ng libro. Maraming salamat sa mga bida ng mga pelikula, Mr. John Arcilla bilang Heneral Antonio Luna, Mr. Paulo Avelino bilang Gregorio del Pilar, at Mr. Jericho Rosales bilang Manuel L. Quezon, sa napakahusay po na pagganap sa kani-kanilang mga karakter. Maraming salamat kina Marlon "Loonie" Peroramas, Christopher John Ongkiko aka Shehyee, at Allen Jordan aka BLKD, mga FlipTop Emcees na nagbigay inspirasyon sakin magsulat. Sa mga kaibigan ko na palaging nakasuporta, Maraming salamat sa Batang Zaid. Maraming salamat sa mga aklat na naging inspirasyon ko, at sa mga karanasang humubog sa aking pananaw. Salamat din sa mga hinaharap na kritiko, magbigay aral kayo sa akin.

Higit sa lahat, salamat sa mga mambabasang maglalaan ng oras upang basahin ang mga pahinang ito.

NILALAMAN

1 **I**
Heneral Artikulo Uno
4 Giyera kung giyera
5 Ang plano ay plano pa rin
7 Ang magiting na Tinyente
8 Pilipino laban sa Pilipino
10 Heneral laban sa Heneral
13 Napapagal din ang palaban
15 Ang magwagi o mamatay

18 **II**
'Wag kang magpapaGOYO
20 Patunay ang kulay
21 'Wag kangmagpapaGOYO II
23 Ang payo ng Tagapayo
24 Dismayadong tagapanood
26 Ang pinagdaanan sa Pasong Tirad
29 Ang digmaan sa Pasong Tirad
31 Pahuling sabi

33 **III**
Sikolohikal
36 Quezon laban kay Osmeña
38 Quezon laban kay Wood
41 Quezon laban kay Aguinaldo
43 Ang Pangulo

45 Tungkol sa Awtor

INTRODUKSYON

Hindi ko isinulat ang mga pahinang ito upang magturo ng kasaysayan, kundi upang makinig sa bulong ng gunita—sa pagitan ng sigaw ng digmaan at katahimikan ng mga alaala.

Mula sa mga imaheng iniwan ng Heneral Luna, Goyo: Ang Batang Heneral, at Quezon, sumibol ang mga tanong na hindi madaling sagutin, at mga damdaming hindi kayang ikulong sa simpleng salita.

Ito ay hindi aklat ng katiyakan, kundi aklat ng pagninilay. Hindi ito kasaysayan na inaangkin ang katotohanan, kundi salamin ng isang isipan na humarap sa kasaysayan at natutong magtanong.

Sa bawat pahina, may salitang isinulat hindi lamang upang basahin, kundi upang damhin. May mga sandaling tila tahimik, ngunit sa likod nito ay may bagong hindi nakikita.

Kung sakaling matagpuan mo ang sarili mo sa pagitan ng aking mga salita, hindi ito nagkataon lamang. Sapagkat ang kasaysayan, minsan, ay hindi lamang nangyayari sa nakaraan—ito'y patuloy na nabubuhay sa isip ng bumabasa.

I
Heneral Artikulo Uno

Si Heneral Antonio Luna—isang magiting na Hene-ral. Ipinapakita dito kung gaano siya kadisiplinado. Dalisay, disente, may disiplina sa pananamit, matapa-ng at prangka ang pananalita.

Sa unang eksena ay nasa pagtitipon-tipon sila. Tinatalakay nila kung ano ang magiging paraan upang mahadlangan ang tangkang pananakop ng mga Amerikano. Ang paraang iyon ay lusubin na ang mga Amerikano habang kakaunti palamang ang mga ito. Sabi ni Alejandrino may apatnapung libo silang mga katao. Habang ang mga Amerikano ay nasa tatlong libo lamang.

Kung tutuusin kayang-kaya sana paalisin ang mga ito. Kayang-kaya sanang sindakin ang mga Amerikano pero nasa tatlong libo lang ba umiikot ang bilang ng mga sundalo ng Amerika? Ang naglaro sa aking isipan: *"Matatapos ba ito dito?"*

Pero iginiit ni Aguinaldo na nagpadala na siya ng kaniyang tauhan upang payapang makipagugnayan sa mga Amerikano. Sino nga ba ang pinadala niya? Edi yung paborito niyang si Buencamino kasama din niya si Arguelles.

Ngunit may nabalitaan si Mabini na may pitong libong sundalo pa daw na paparating ang Amerika. Pasigaw na sinabi ni Alejandrino na *"Kailangan na nating kumilos!"* ngunit bumuwelta si Paterno at iginiit niya na hindi daw mapapahamak ang mga Pilipino dahil wala naman daw nangyari dahil wala naman daw nangyari sa Cuba nung minsa'y napadaan ang mga kano sa bansa ng Cuba.

Bakit nga naman niya nanaising umalis ang mga Amerikano? May kakayahan siyang makipagugnayan sa mga ito. Palpak nga lang ang planong 'yon. Hindi lang 'yon—kasosyo pa ni Paterno ang mga Amerikano sa kaniyang mga negosyo. Ekonomiya ang ipinopronta nilang katuwiran upang hindi mapaalis ang mga kano sa ating bansa.

Karamihan sa mga nakaupo ay gusto ng pakikipag negosasyon kaysa lusubin sila. Iniisip nila na baka nga naman mapahamak sila. Dahil may inaalagaan silang ari-arian at reputasyon. Iginiit din ni Aguinaldo na kakampi nila ang Amerika.

Ngunit hindi bulag ang Heneral. Alam niya ang pasikot-sikot sa larong ito. Hindi tulong sa laban sa mga Espanyol ang pakay ng mga Amerikano at iyon ang hindi makita ng ating Presidente.

Sa patuloy na pagpupulong dito'y sumuko na ang mga espanyol sa kamay ng mga Amerikano at napasakamay na nila ang Intramuros. Nalusob na din ng mga Amerikano ang Sta. Mesa, San Juan, Paco, Pandacan at karatig bayan nito.

At heto na! Dumating na ang paborito ng Presidente—si Buencamino kasama si Arguelles. Ang pakikipag-usap ng dalawa ay nauwi sa wala. Bumagsak na nga ang Maynila at napasakamay na ito ng mga Amerikano.

Akala ko ba nakikipagugnayan na ang dalawa? Aba'y ano ang nangyari? Dito'y napagtanto ko na hindi sapat ang pakikipag-usap sa mga Amerikano. Kailangan na talaga natin gumamit ng armas. Alam ni Heneral Luna na hindi maidadaan ang lahat sa pakikipagtalakayan. Ang tunay na pakay talaga ng mga dayuhan ay ang sakupin ang bansa natin.

"Mahapding sugat ay mayroong lunas
Tanda ng pinsala ma'y magbakas
Mithiin ay siyang magaganap
Basta't manalig at 'wag magpanggap.

Hindi man ngiti ang katumbas ng panandaliang kasiyahan
Sa pagaakalang ito'y mabibitbit pa sa kinabukasan
Kahit papaano tayo'y nakakahinga na
Salamat sa mga tumindig mabuti'y hindi napagal ang kanilang pagtatag"

Giyera kung Giyera

Sa mga sumunod na eksena dito nga'y nakikipagpalitan ang grupo ni Heneral Luna ng putok laban sa mga Amerikano. Ang dami nang namatay na sundalong Pilipino. Dahil dito'y ipinagutos ni Heneral Luna na papuntahin sa digmaan ang batalyon ng kawit sa ilalim ni Kapitan Janolino. Ngunit hindi sumunod si Janolino sa Heneral—sa halip ay sinabi pa niya na sa President lamang daw siya tatanggap ng utos. Habang ang hanay ni Heneral Luna ay nakikipagpalitan ng bala si Janolino ay nagpapakasasa. (Ang tibay ng mukha ano?) Agad naman pinuntahan ng Heneral ang tarantadong si Janolino at pinahiya ito sa harapan ng kaniyang nasasakupan. (Kung ako lang binaril ko na siya sa ulo eh.)

Sa patuloy kong panonood—dito'y nakikipagdigmaan ang mga Pilipino laban sa mga Amerikano. Marami man ang nasawi sa kampo ng Heneral ngunit ganoon din ang mga sundalo sa kampo ng mga Amerikano. Dahil dito—umatras na ang mga Amerikano. Nagdiwang ang mga sundalong Pilipino. Ngunit hindi pa dito nagtatapos—hindi pa ito ang tagumpay. Para kay Luna at Paco, wala pa sila sa isang-kapat ng labanan.

Naku! Nakakainis din pala talaga na kahit ikaw ang Heneral ay may matitigas pa din talaga ang ulo. Kung ako siguro ang nasa kalagayan ng Heneral—ano nga kaya ang aking gagawin? Pagbababarilin ko na lang siguro 'tong mga makukulit na 'to para matapos na.

Ang plano ay plano pa rin

Nabalitaan ni Aguinaldo ang ginawang pamamahiya ni Luna kay Janolino. *(Sus! Marapat lang!)* Hindi gusto ni Pangulo ang pamamaraan ni Luna. *"Alam kong kailangan nila ng disiplina, pero kung papaano niya ginagawa"* sabi ni Aguinaldo. *"Kahit ano ang sabihin natin malaki ang naiaambag niya sa atin"* tugon ni Mabini. *"Ano ba ang gagawin natin?"* tanong ni Aguinaldo kay Mabini. *"Pareho pa rin naman ang ating layunin. Dapat natin siyang tulungan"* mungkahi ni Mabini. *"Paano ang kaniyang pagungali?"* tanong ni Aguinaldo. *"Nasubukan mo na bang hulihin ang hangin?"* tanong ni Mabini.

Ang bigat din ng huling sinabi ni Mabini, ano? Parang may iba pang ibig sabihin. Ano 'to kahanginan ng tao?

Sa sumunod na eksena ay may plano ang Heneral. Plano ng Heneral na makagawa ng tritsera sa hilaga ng ilog ng bagbag at makapaghukay mula Kalookan hanggang Novaliches. Ngunit ang problema ay wala silang sapat na tao para makapaghukay ng ganon kalawak. Sabi ng isa sa mga sundalo ni Heneral Luna ay kailangan daw nila ng dalawang libong tao na may kanya-kanyang pala, piko, aserol para lang matupad ang unang bahagi ng plano at sa tingin din nila ay hindi sasang-ayon ang Presidente sa pinaplano ni Heneral Luna. Tumingin si Luna sa mga sundalong kasama niya sa silid at natahimik ang lahat, sabay sabi na *"Tatlong araw... Bigyan niyo ako ng tatlong araw"*

Agad na nagtungo si heneral luna sa mga kampo upang ibaba ang batas na Artikulo Uno. Ang hindi sumunod sa pinaguutos ng Punong Heneral ng digmaan ay tatanggalan ng ranggo at mapapatawan ng kamatayan ng walang paglilitis sa husgado militar.

Magtatagumpay kaya ang planong ito? Papayag ba ang Pangulo? Hindi ako dalubhasa pagdating sa digmaan. Ano bang alam ko dyan? Pero nakikita ko na ginagawa ang lahat ng Heneral upang hindi tayo tuluyang

masakop ng mga Amerikano. Buo naman ang loob ng Heneral—ngunit bakit tila hindi ito nakikita ng Pangulo? Nagbubulag-bulagan ba ang Pangulo dahil marami ang galit sa Heneral o ultimo siya ay galit mismo sa Heneral?

Pagkatapos ng mahabang biyahe ay nakabalik na ang Heneral. Agad naman siyang sinalubong ni Paco at Rusca. *"May almusal na ba?"* tanong ng Heneral. Ngunit nagulat si Paco at Rusca dahil may kasama ang Heneral. Tumambad ang isang damukal na sundalo at boluntaryo upang sila ang gagawa ng titsera at hukay mula Kalookan hanggang Novaliches. Hindi dalawang libo ang naisama ng Heneral na boluntaryo at sundalo sa halip apat na libo ang kaniyang naisama upang magtrabaho.

Siguro para sa akin hindi ko din gusto kong papaano ang pamamaraan ni Luna pero nakikita ko na epektibo naman ito. Lalo na kung may mga tauhan ka na matitigas ang ulo gaya ni Janolino. Nakikita ko na buo ang loob niya na ialay ang kaniyang buhay para sa bayan kaya ganoon na lamang ang kagustuhan niyang mapatalsik ang mga Amerikano. Kung sa personal kong pananaw hindi ko gusto ang panggigipit na ginawa niya para sa mga boluntaryo at sundalo, ngunit marahil ito na lamang ang naisip niyang paraan upang mailigtas ang mga taong ito. Kailangan din nila tumulong upang maligtas sila mula sa kapahamakan. Ramdam ng Heneral na wala sa likod ang Pangulo ngunit patuloy pa din ang kaniyang pag-abante para lamang maligtas tayo at tuluyang mapasakamay ang kalayaang ating inaasam.

Ang magiting na Tinyente

"Bihira ang tulad ni Tinyente Garcia. Ang Pilipinong handang gawin ang lahat para sa bayan" -Heneral Luna (2015)

Ipinag-utos ni Heneral Luna kay Tinyente Garcia na barilin ang kampo ng Amerikanong Koronel. Sa Halip na ipapatay ito ay mas gusto ng Heneral na takutin lamang ito upang patunayan na hindi sila natatakot dito.

Bakit ba inaasar pa ito ng Heneral? Ano ba ang gusto niyang patunayan? Kasi kung ako lang, ipapapatay ko na agad ang koronel. Nakikita ko naman na seryoso ang Heneral sa ginagawa niya. Pero may katigasan din pala ang kaniyang ulo.

"Mandirigmang magiting ang iniwang aral
Punglo man ang ginamit upang mabuhay
Matipunong katangian ang pag-uumid ng nakaraan
Maraming salamat sa kagitingan na iyong ipinamalas
Walang katumbas ang alab sa iyong dibdib
Bangis mo ang aming ikinikimkim
At ihahayag namin sa oras ng dilim."

Pilipino laban sa Pilipino

Sa mga sumunod na eksena ay nasa pagtitipon-tipon muli ang gabinete ni Pangulong Aguinaldo kasama dito si Heneral Luna at ang paborito ng Pangulo na si Buencamino. Sinabi ni Buencamino na may panukala ang *Schurman Comission* patungkol sa mga kondisyon—nais daw isulong ng mga dayuhang Amerikno ang awtonomiya para sa republika. Hindi ito nagustuhan ng kampo ni Luna maigng si Alejandrino. Dahil nga sa kaduda-dudang panukla na inilatag ni Buencamino dito nga'y sinabihan ni Luna si Buencamino na isa siyang traydor. Hindi nagustuhan ni Buencamino ang ipinaratang sa kaniya at nagkainitan ang dalawa. Hanggang sa nagkainitan na ang dalawa sa harap mismo ng Pangulo at nagpalitan ng maaanghang na salita. Insultuhan—insulto sa kaniya-kaniya nilang personal na buhay, damayan ng pamilya ang naging palitan nila ng insulto hanggang sa sinampal ni Heneral Luna si Buencamino at nagpang-abot na ang dalawa.

Sa Nakikita ko parang gusto ng Pangulo ang iminumungkahi ni Buencamino. Hindi ko siya maintindihan. Hindi ko alam kung nagbubulag-bulagan lang ba siya sa ginagawa ng kaniyang kalihim. Walang puso si Buencamino—hindi siya karapat-dapat na maging kalihim dahil lalo lang napapahamak ang Pilipinas sa kaniuyang mga kamay. Ang pagiging makasarili upang mapalakas ang kaniyang fuerza. Isa siyang dakilang traydor sa ating bayan. Sana mas naramdaman ng Pangulo ang puso ng Heneral.

At dahil dito, pinadakip ng Heneral si Buencamino kasama na din si Paterno dahil sa pagiging traydor sa ating bayan. Agad naman silang dinakip at ikinulong ng kampo ni Luna.

"Nakatago ang lasong sa bayan ay pumapaslang
Kasaysayan ang maguudyok upang matuto ang taumbayan
Liliwanag ang sinag sa mga matang nabulag at taingang nabulungan
Ang saligan na dinala ay aming panghahawakan
At kailanma'y hindi na magpapalinlang."

Heneral laban sa Heneral

Sa mga sumunod na eksena dito'y ipinag-utos ni Heneral Luna na padalhan ng telegrama si Heneral Tomás Mascardo upang tipunin ang kaniyang mga sundalo at bumalik sa lalong madaling panahon. Ngunit hindi sumunod si Mascardo at ipinaliwanag niya na siya'y nasa Arayat para sa isang pistahan *(Pesteng pistahan 'yan. Nasa giyera tayo at inuuna pa 'yan kaysa maglingkod para sa bayan)* at may trabaho daw siyang dapat gawin. Ngunit nauwi sa mainit na salita ang palitan ng dalawa sa pamamagitan ng telegrama. Hanggang sa pinuntahan na ni Luna si Mascardo sa arayat upang komprontahin at ito'y kaniyang ipinaaresto.

Maari kayang alam ni Luna ang posibleng maganap kapag hindi pa sila kumilo sa lalong madaling panahon? Hindi ko maintindihan ang ibang mga sundalo. Papaano pa nila nakukuhang magpakaligaya sa gitna ng giyera? Habang ang bansang tnutungtungan nila ay nasa panganib sa kamay ng mga dayuhan. Sila, walang inisip kundi ang magpakaligaya. Iniisip na ba nila na wala tayong laban sa mga Amerikano? Wala bang nagnanais na subukan ang lumaban? Ang sakit ano? Sa sarili nating bansa tayo'y mga alipin. Kapwa Pilipino nagaaway dahil lamang sila'y mapagmataas at aya nilang magpasakop sa mas nakatataas sakanila. Sana'y mas napag-usapan pa nila ng mahinahanon at maayos. Baka sakaling naging maayos pa ang takbo ng bansa natin. Ngunit kagaya lang din ako ni Luna hindi ako papayag na magpaalipin. Hindi ko din masisikmura ang ganito. Para na rin akong nagtraydor sa sarili ko kung hahayaan ko na mangyari ang mga ito.

At dahil sa mga kapabayaang ito—nalagay sa panganib ang bagbag at quinga. Ang bagbag at quinga ay tuluyang napasakamay ng mga

Amerikano. Hindi kinaya ng kampo ni Heneral Del Pilar ang mga kalaban.

"Ang kagandahang loob ay naungusan ng kasuklam-suklam na kinalabasan
Walang may nagnanais na masadlak
Ngunit mayroon bang tumanggi sa kaligtasan?
Kaligtasan ang pangunahing layunin
Nauna man ang adhikaing ito
Iba pa rin ang inaasam ng tao
Ang pagbabago pa rin ang siyang dapat na lumang estilo."

Napapagal din ang Palaban

Sa sumunod na eksena dito nga'y habang nakikipag-usap si Aguinaldo kay Mabini, Paterno, Buencamino at Mascardo sa kaniyang himpilian ay bigla na lamang dumating si Heneral Luna at sa kaniyang pagdating dito nga'y nagtago sina Paterno at Buencamino—ang pakay ng heneral ay upang magpaabot ng liham na pagbibitaw. Gaya ng nakararami si Heneral Luna ay napapagod din. Dumating sa puntong hindi na din niya kaya ang pagkabigo ng bayan. Ninais na din niyang bumitiw bilang ulo ng hukbong sandatahan ngunit hindi siya pinayagan ng Pangulo.

Gaya ng sinasabi ko—nakikita ko ang puso ng Heneral. Nararamdaman ko din ang gusto niyang pagbabago ngunit paano ito magaganap, kung mismong mga nakapaligid at kaniyang inaasahan na masandalan ay hindi nakikita ang kaniyang adhikain para sa bayan? Ipinakulong niya sina Paterno at Buencamino dahil sa pagtataksil sa bayan ngunit sa pangangailangan ng Pangulo sa utak ng dalawa ay kinakailangan niyang palayain ang mga ito. Hindi na kasama dito sa pelikula pero ang haka-haka ay kaya gustong magbitaw ng Heneral dahil sa pagpapalaya ng dalawa at pagpapabalik kay Janolino. Naramdaman ng Heneral na walang nakasuporta sa kaniya—kahit sa Pangulo hindi niya maramdaman ang suporta. Iisa lang ang adhikain nila iyon ay ang mapatalsik ang mga Amerikano at makamit ang kapayapaang ating inaasam-asam. Pero kung iisalang ang mithiin natin para sa ating bayan, bakit hindi tayo nagkakasundo? Bakit nga ba tayo nagkakagulo dahil sa isang mithiin? Mas magulo pa kaya ang mangyayari kung marami tayong mithiin?

Pagkatapos ng usapan—lumabas ang dalawang paborito ng Pangulo. Dito nga ay kung anu-ano ang pinagsasabi-sabi nila patungkol kay

Heneral Luna. Sinabi nila na nais daw ng Heneral na agawin ang puwesto ng Pangulo. Sinabi pa ni Mascardo na narinig daw niya na sinabi ni Luna na—kahit daw ang Presidente ay hindi nakaaangat sa batas at babarilin daw niya ito. (Naaalala niyo ba ang isa sa mga linyang tumatak sa pelikula nung sinabi ni Heneral Luna na "Walang nakaaaangat sa batas kahit na ang Presidente!") Hindi sumang-ayon si Mabini sa mga paha-yag na yan—nagduda ang tagapayo. Alam ni Mabini na kahit arogante at mainitin ang ulo ng Heneral ay kailanma'y hindi ito nagnais ng mga bagay gaya ng mga ipinaparatang sa kaniya. Natahimik ang Presidente—animo'y nagtitiwala siya sa mga sinabi ng tatlo. Habang si Mabini ay nanindigan na walang katotohanan ang mga ipinaparatang sa Heneral.

Ang magwagi o mamatay

Sa papalapit na pagtatapos dito nga'y magaganap na ang maaaring maganap. Nagpadala di umano ang Presidente ng telegrama para kay Heneral Luna at iniimbitahan itong magtungo sa opisina ng Presidente sa Cabanatuan—pinangakuan pa ito ng posisyon sa kaniyang bagong gabinete. Dito's naisip ng Heneral na unti-unti nang magaganap ang kaniyang adhikain. Ang karamiha'y nag-saya. Kabilang na ang Heneral. Ngunit si Paco lamang ang tila hindi mapakali. Tila hindi siya sigurado sa kahihinatnan ng imbitasyong ito.

Nagtungo ang Heneral ngunit sa araw din'g iyon kasalukuyang nasa bamban tarlac ang pangulo patungo sa Bulacan at Pampanga. Upang silipin at asikasuhin ang sitwasyon doon ng mga militar laban sa mga amerikano at pagdating ng Heneral sa himpilan ng Presidente sa Cabanatuan, dito'y naabutan niya si Buencamino at muli silang nagtalo at nagpalitan ng mainit na salita. Sa kalagitnaan ng pagtatalo'y biglang alingawngaw ng putok ng baril ang narinig ng Heneral. Hudyat para tuparin ang plano nila. Nang masilip ng Heneral ang insidente, dito'y pinagmumura ng Heneral ang mga sundalo. Nakasalubong niya ang Kapitan na si Janolino. Dito'y walang sabi-sabi bigla na lamang siyang inundayan ng taga sa bahagi ng kanyang ulo. At sinundan naman ito ng putok ng baril ng mga sundalo ng Batalyong Kawit. Walang awa siyang pinaputukan ng bala ng baril at tinadtad ng taga hanggang sa malagutan ng hininga ang Heneral. Napatay din ang kasamang sundalo ng Heneral na si Paco. Nakaligtas at sumuko naman ang sundalong si Rusca. Matapos ang ginawa nilang pagkitil sa Heneral, agad nilang pinagkukuha ang mga gamit nito. Hanggang sa mahubaran ang Heneral. Wala silang itinira ni katiting sa gamit ng Heneral.

May mga usapin na isang ginang ang nakakita sa insidente. Dito'y tinanong pa niya ang mga sundalo kung nagalaw pa daw ba ang Heneral at pinaghihinalaan itong ina ng Pangulo.

May mga usaping pinapatay daw siya ni Aguinaldo, o ni Del Pilar, o Buencamino o baka naman daw ang ina ni Aguinaldo ang nagpapatay sa Heneral.

Gaya ng mga nangyayari sa kasalukuyan. Itinanggi ni Buencamino at Aguinaldo ang paratang na sila ang nagpapatay sa Heneral. Gaya ng mga nakaupo sa kasalukuyang republika, ang dalawang ginoo ay nagpasingaw ng halimuyak upang hindi mabahiran ang kanilang pangalan sa publiko.

Hanggang ngayon ay walang nanagot sa pagkamatay ng Heneral. Hindi rin naparusahan ang Batalyon ng Kawit. Kahit ang bangkay ng Heneral ay hindi kailanman natagpuan pa.

Nagtiwala ang Heneral sa Pangulo ngunit ang Pangulo ay hindi nagtiwala sa Heneral. Buhay ang naging kapalit ng kaniyang pagtitiwala. Isa lamang ang nais ng Heneral ang maging malaya tayo sa sarili nating bayan. Kagaya na lamang nina Rizal at Bonifacio iisa lamang ang kanilang mithiin—ang kapayapaan at hindi maging alipin sa sarili nating bayan. Ngunit bakit tila hindi ito ang nais ng ibang kababayan natin? Mas gugustuhin pa nila ang praktikal na pamumuhay kaysa lumaban. Hindi ko maarok ang mga ganito. May limpak-limpak kang salapi ngunit alipin ka sa sarili mong bayan. Ganito ba tayo kababa? Mga dayuhang Amerikano nga ba ang nang-aalipusta? Salapi nga ba ang naging sanhi ng ating pagkaalpin?

"Heneral Artikulo Uno isang magiting na sundalo
Marapat na gantimpalaan wala man ni isa ang 'yong naipanalo
Saludo sa iyong prinsipyo at pangako
Ipinamulat mo sa amin ang mapait na katotohanan
Na may kalaban pang mas malaki kaysa dayuhan
Tanggapin mo ang pasasalamat ng bayang nagising
Sa ilalim ng bandilang malaya sa gabi man o sa dilim."

II

‘Wag kang magpapaGOYO

“Kalayaan para sa damdamin at demokrasya
Kalayaan ibuka ang pakpak kahit saan
Hindi tila ibong pinagtutusok ng patpat
Habang nakakulong sa maliit na hawla

Katahimikan para sa kapayapaan o mag-ingay para sa kalayaan?”

Nagsimula ang eksena kung saan nakaupo si Alejandrino sa tren nang biglang may pumasok na isang sundalong kapitan at tinanong kung siya daw ba si Antonio Luna. Iba ang tingin ng kanyang mga mata. Makikita’t mararamdaman mo ang pananabik sa kaniya na tila gustong-gusto niyang tugisin si Heneral Luna. Sa paguusap nina Alejandrino at Mabini dito’y nabanggit ng Heneral ang nangyari sa kaniya sa tren. Sinabi din ng Heneral na hindi siya naniniwala na kusang papatay ang sundalo ng walang nag-uutos.

Oo nga naman, sino ba naman ang timang na tao ang gagawa ng isang bagay lalo’t alam niyang ikapapahamak niya—tapos Heneral pa ang tinutugis ng sundalo. Malamang may pinanggalingan ang utos na iyan.

Sa patuloy na pag-uusap ng dalawa, tinanong ni Mabini kung si Aguinaldo daw ba ang pinatutungkulan niya.

Sa patuloy nilang pag-uusap dito’y naramdaman ko ang pagbubulag-bulagan ni Mabini. Ngunit maaaring ayaw lang din ni Mabini mag-pasya

sa mga bagay na hindi pa naman talaga napapatunayan. Pero ni minsan ba ay hindi nagduda ang tagapayo sa mga naganap? Ang pag-punta ng Heneral sa pansamantalang himpilan ng Pangulo sa Cabanatuan? Ang pag-alis ng Presidente papunta sa Bulacan at Pampanga nung araw mismo noong maganap ang pagpaslang sa Heneral—pero ang malaking tanong na naglalaro sa aking isipan. Papaanong nangyari na sa mismong himpilan nasawi ang magiting na Heneral? Sino ba talaga? Si Buencamino? Si Paterno ba? Sino? Si Aguinaldo ba? Oh Diyos ko naman! O ang Batang Heneral?

Ang daming tanong ang tumatakbo sa aking isipan—habang pinapanood ko ang unang eksena ang sakit sa damdamin na makita na kanya-kanya silang pagprotekta sa kani-kanilang mga lider—ni hindi man lamang nakamit ni Heneral Luna ang hustisya sa kaniyang pagka-sawi. Gaya ng inaasam niyang hustisya para sa kapayapaan ng ating bayan.

Patunay ang kulay

Sa patuloy kong panonood ay lalo lamang akong nainis—ang mapagmataas na tingin sa kaniyang sarili, ang pagiging tuta, hindi para sa bayan ang ginagawa niya, sunud-sunuran siya sa kaniyang amo. Tama si Manuel Bernal nung sinabihan niya na aso ang binatilyo. Ang mga tulad ni Goyo ay walang puwang upang maglingkod sa bayan. Taksil! Sunud-sunuran! Masasabi kong hindi maganda ang pamumuno ni Goyo *(hindi ako eksperto pero nakikita ko)* dahil hindi niya nadidisiplina ng maayos ang kaniyang mga sundalo. Mga mapang-api sa kapwa, mapagmataas gaya niya, mayayabang, mahangin nag pananalita. Talagang hindi sila karapat-dapat.

‘Wag kang magpapaGOYO II

Ang mga sumunod na kaganapan ay nasa Bulacan na ang kampo ni Heneral Del Pilar at halos umiikot lang ang istorya sa kasiyahan at tila nakasentro ito kay Goyo.

Kung sabagay siya naman tlaaga ang bida sa palabas na ito. Pero parang sobra naman ata? Parang santo, kulang nalang sambahin siya. May dula pang presentasyon sa tanghalan at isinasadula ang mga nagawa niyang kabayanihan. Nasa kalagitnaan tayo ng giyera—puro kasiyahan, puro papogi, papaano nila nasisikmura ang ganito? Habang ang iba ay nanganganib sanhi ng giyerang nangyayari, nakuha pa nilang magkasasa. Ito nga ba ang tamang oras para sa kasiyahan? Ang huwad na kasiyahang ito ang magiging sanhi ng kapabayaan sa kaniyang tungkulin. Hindi naman masama ang magpakasaya o ang magliwaliw—alam kong mahirap ang buhay ng mga panahong ito pero masyadong seryoso ang giyera para sa panandaliang kasiyahan. Kung ako ay naririto, hindi ko masisikmura ang ganito. Ni hindi ko siguro magagawang ngumiti man lang. Ni hindi ko nga kayang makita na inaalipin tayo sa sarili nating bayan.

Hindi ko lubos maisip na kaya palang sikmurain ng mga namamahala ang kahirpan ng sarili nilang kababayan. Tila hindi sila nababahala sa maaaring maganap sa mga darating na panahon. Siguro nga, gusto lamang nilang makalimot kahit sandali. Hindi nga naman madali ang maglingkod as ating bayan—hindi madali ang lumaban, lalo’t iniaalay mo ang iyong buhay. Maaari ba nating pagbigyan ang mga ito? Maaari naman sana kung nagagampanan lang sana nila ng marangal ang kanilang trabaho.

Bakit iba ang nararamdaman ko sa tuwing nagyayabang si Gregorio del Pilar kaysa kay Antonio Luna? Dahil ba si Luna ay tapat at totoo sa kaniyang pinaglalaban? Habang si del Pilar ay mistulang tapat sa iisang tao lamang. Nag-iba nga ba ang ihip ng hangin dahil nadikit ang kaniyang pangalan sa Pangulo?

Bakit ba patuloy na pinagkakatiwalaan ni Aguinaldo sina Buencamino at Paterno? Kahit palpak ang dimplomasyang naganap—may utang na loob ba si Aguinaldo sa dalawang payaso? Silang dalawa lang ba nag may kakayahan na makipag-ugnayan sa mga Amerikano? Kung ako ang tatanungin—para lamang siyang pinaglalaruan ng dalawang payaso. Ginagamit siya para sa sarili nilang kapakanan. Hindi ba niya nakukutuban iyon? Iniisip ba niya ang naganap sa palpak na Biak-na-Bato? Naniniwala ba si Aguinaldo na hindi digmaan ang sagot para maayos ang lahat? Iniisip ba niya na kaya pang daanin sa pakikipag-usap ang lahat? O baka naman nagbubulag-bulagan ang Presidente para sa kaniyang reputasyon na inaalagaan?

Ang payo ng Tagapayo

Talagang kahanga-hanga rin ang pagkakahanay ng paglalahad ni Mabini bago niya bigkasin ang kaniyang pinakamahalang linya. Upang maitago ni Emilio Aguinaldo ang kaniyang pagpipigil sa inis kay Apolinario Mabini—sinadya niya itong ilagay sa isang sitwasyon na tila siya'y masusubok. Nais ni Aguinaldo na bumalik si Mabini sa kaniyang gabinete bilang tagapayo. *"Kailangan ko ang utak mo, kailangan ko ng totoong tao"* sabi ni Aguinaldo. *"Kaya na ba ng Pilipino na marinig ang katotohanan ng hindi mapipikon? At dahil katotohanan na rin naman ang pinaguusapan natin, sige! Ano ang katotohanan sa pagkamatay ni Antonio Luna?"* tanong ni Mabini kay Aguinaldo.

"Ang liwanag ng kasaysayang nakatago sa baul
Ibinaon ang pirsao ng palaisipan sa lupang pataba
Konsensya ma'y takbuhan ngunit hindi mapapagod ang naghahabol
Tumubo ang ugat sa ilalim ng lupa at sa himlayan ito nagbunga

Ang parangal ay para sa mga payaso
At ang totoo ay pinupugutan ng ulo."

Dismayadong tagapanood

Sa sumunod na eksena—ipinapakita dito na si Joven (Ang potograpo ni del Pilar) ay tila dismayado sa mga nakikita niya. Mulat si Joven sa katotohanan—mulat siya sa mga kaganapan sa ating bayan. Parehas kami ng nararamdaman—nasasaktan, nalulungkot at dismayado. Puro pagpapapogi at pagmamalinis ang nais ng mga taong ito. Simbolo ng pagiging makasarili. Puro siya paghihimod ng tumbong sa kaniyang idolo. Para lamang maisalba ang sariling karangalan—kahit ang humimod ay gagawin niya.

Kung ako lang din naman ang tatanungin—bakit ko nga naman nanaisin na magtagal sa lugar kung nasaan ang mga taong malamig ang pagtingin sa kapwa. Mga bastos, mga antipatiko ang pag-uugali, walang respeto sa kapwa at walang disiplina.

Sa patuloy kong panonood—hindi na maalis sa isipan ni Goyo ang mga ginawa nilang katrayduran sa bayan. Binabagabag siya ng kaniyang konsensya. Paulit-ulit na umuukit sa kaniyang isipan ang mga salitang, Aso, Walang awa at Walang konsensya—minsan iniisip ko tuloy kung napipilitan lang ba siya dahil gusto niya lang sumunod sa Presidente o gusto ba talaga niya ang kaniyang ginagawa. Hindi kaya wala talaga siyang alam pagdating sa pakikidigma? At nakilala lamang siya bilang Batang Heneral? Biyayang pagkakataon lang ba ang mga nangyari sa kaniya noong sumabak siya sa giyera at madaplisan siya ng bala upang siya'y makilala sa kaniyang nagawa? Alam pa ba ni Goyo ang dapat niyang gawin? Bakit tila nalilito siya sa mga nangyayari? May malay pa ba siya sa kung ano ang kaniyang daraanan?

"Ang pag-usad ay salat kapag bulag ang pananaw sa lipunan
Ang kinang ay nawala nung mahulog sa kailaliman
Panulat na lapis ay tatagpas sa nakalatag na papel
Mulat man ang mga mata, ngunit hindi na aasinta ang baril

At sa oras na maaninag ang liwanag—nawa'y masilaw at mga patibong sana'y matanaw
Sinag ng bumbilya ang siyang mangibabaw
Karangalan ay isantabi—layunin ang siyang magsilbi."

Ang pinagdaanan sa Pasong Tirad

Dumating na ang eksena kung saan plinano na nilang umakyat ng bundok—sa Pasong Tirad. Dito na masusukat ang utak ng Binatilyong Heneral. Dito na makikita ang diskarte niya sa pakikipagdigmaan. Dito nga ay plano nilang magpahabol sa mga Amerikano at palibutan ang mga ito. Pupwesto sila sa ibabaw ng bundok kung saan tanaw nila ang mga daan banda sa ibaba nito. Pero sa hindi inaasahan ay isasama pa ni Aguinaldo ang kaniyang pamilya upang maprotektahan ang mga ito.

Kung ako din siguro ang nasa kalagayan niya bakit ko nga naman pababayaan ang aking pamilya? Pero ang pagsama nga ba sa kaniyang pamilya ang tanging paraan upang maprotektahan ang mga ito, hindi ba mas mapapahamak ang mga ito kung isasama pa sila? Bakit hindi na lamang niya ipinagkatiwala ang kaniyang pamilya sa ibang miyembro ng pamilya? O itinago na lamang sana niya ito sa hindi sila mahahagilap. Mas malaki ba ang tsansa na mapahamak ang mga ito kung iiwan niya ito sa isang lugar kung saan ay maaaring ligtas sila?

Siguro mas mabuti na lang na isama ko din ang aking pamilya upang masilaya't makasama ko pa din sila.

At sa hinaba-haba ng kanilang paglalakbay ay inabot na sila ng hating gabi. Dito'y napagdesisyunan na nilang magtayo muna ng kampo at magpahinga. Sa mga sumunod na esksena nga'y nakikipag-usap si Goyo kay Felicidad. At tila nanliligaw pa.

Hanggang dito ba naman sa kalagitnaan ng giyera? At sa hindi inaasahan ay biglang may umalingawngaw ng putok ng baril. Agad namang ibinalita sa kaniya ang putok na iyon ngunt tila nagalit pa ito nung ibinalita sa kaniya.

Eh mukha naman kasing inaabala nila ang Heneral nasa gitna siya ng giyera—nakakahiya naman.

Pero walang opisyal na dokumento patungkol sa kwentong ito. Ang meron lang tayo—ay haka-haka.

Parang talunan ang mag-amo sakani-kanilang mga papel, ano? Sobrang palpak ng kanilang pamamahala para sa bayan.

Mapait ang mga sumunod na nangyari. Halos wala silang matulugan, walang makain, kung minsa'y tinatakbuhan pa sila ng mga tao sa madaraanan nilang baryo—ano ang rason? Hindi ako sigurado—marahil gustong iwasan ng mga lokal doon ang gulong dala ng Presidente.

Sa patuloy nilang paglalakbay, may isang baryo naman ang malugod na tumanggap sakanila. May pasabit pa ng mga bulaklak para sa Presidente. Dito nga'y nanatili muna sila habang pinupolido nila ang kanilang planong pagsalakay sa mga Amerikanong sundalo.

Pinagtipon-tipon ni Goyo ang mga sundalo at isa-isang tinanong ni Vicente Enriquez ang mga ito—kung sino ang gustong sumama sakanila ay marapat lamang na tumayo. Marami ang hindi nagnanais na sumama. Sa Batlyong Ilocus Sur ay wala man lamang ang ni isa ang tumayo. Ngunit may isang matapang na mandirigma ang bigla nalamang sumulpot—si Tinyente Garcia ng Cervantes, matapang, malakas ang loob at hindi umaatras sa laban. Isa siya sa magiting at respetadong sundalo ni Heneral Luna. *"Kusang-loob ba ito?"* tanong ni Goyo. *"Depende, ano bang pinaglalaban ninyo?"* tugon ni Tinyente Garcia. *"Ang buhay namin"* sagot ni Goyo.

Kung ako siguro ang makakarinig nito ay hindi ko magugustuhan. Kung gagamitin lang din naman nila ako para sa sarili nilang kapakanan at kaligtasan—mas pipiliin ko na lang siguro na mamatay na lang kaming lahat. Ang sagot na gusto ko sanang marinig ay buhay ng bansa natin. Hindi ang sarili ninyong buhay!

Sa itsura ng mukha ni Tinyente Garcia ay parang ganoon na rin ang gusto niyang marinig. Pero kilala ko ang Tinyente, hindi siya basta-basta umaatras sa laban. Marahil inisip na lang ni Tinyente Garcia na gagawin niya ang mga ito para sa bayan.

Kaya napilitan ang Batalyong Ilocus Sur at sila'y nagsi-tayo. Kung ako lang din ang namumuno tapos ganyan kaduwag ang mga sundalo ko, pinagtatadyakan ko pa sila isa-isa sa laylayan ng bangin.

Ang tunay na tapat sa bayan ay iaalay niya ang kanyang buhay hanggang sa huli.

Ang digmaan sa Pasong Tirad

Sa papalapit na pagtatapos ng pelikula, ang planong pag-atake ni Goyo ay polido. Sa tingin ko ay malapit na nilang mapagtagumpayan ang giyera. Akalain mo iyon, sa huli ay bayan pa rin ang nanaig sa puso ni Goyo. Malamang ay ginamit niya ang kaniyang puso para makapag-isip ng taktika laban sa mga Amerikano. Talagang nasindak ang mga kano sa plano nilang harangin ang mga dayuhan. Salamat na rin sa katapangan ni Tinyente Garcia. Dahil siya ang nagpasimula ng pagpapaputok sa mga kano—hudyat na ang laban ay magsisimula na. Hindi rin nagtagal ay hindi na rin kinaya ng mga Amerikano ang pag-abante laban sa grupo ni Goyo. Kaya nagdesisyon silang umatras pansamantala at sina Goyo ay nagdesisyon munang umakyat pansamatala. Matagumpay na sana ang planong ito. Ngunit sa hindi inaasan ay may pagtataksil na naganap upang puwersahang pabagsakin ang kampo ni Goyo. Ang pagtatraydor ng kapwa Pilipino.

Isang lokal ang nahagilap ng mga dayuhan at tinanong ito kung may ibang ruta pa ba para makaakyat sila sa itaas na bahagi kung saan nakapuwesto ang mga sundalo ni Goyo. Nagtagumpay ang mga dayuhan. Narating ng mga dayuhan ang nais nilang marating at dito na nga ay agad silang nagpaputok ng baril paasinta sa kampo ni Goyo. Ikinagulat ito ng lahat at unti-unti silang inubos ng mga ito. Sa labis na kagipitan ay napilitan si Goyo na umakyat sa itaas na bahagi ng bundok upang silipin kung saan nakapuwesto ang mga Amerikano at pag-isipang muli ang susunod na hakbang ang kailangan nilang gawin. Ngunit sa hindi inaasahan ay may mas mataas pa palang bahagi ang kabundukang iyon—mula sa puwesto kung saan umakyat ang Heneral. May mga nakapwestong mga Amerikano. Natanaw si Goyo ng mga dayuhan mula sa itaas at

dahil dito—si Heneral Gregorio H. Del Pilar ay nabaril mula sa likod ng batok at tumagos ang bala sa kaniyang pisngi dahilan upang siya'y bawian ng buhay.

Ang dalawang sundalong kasama ng Heneral walang nagawa kundi napasigaw na lamng sa pagkabigla. "Heeeeeenneeeerrraaaaaaaal!!!"

Narinig ng mga sundalong Amerikano ang pagtawag sakanya ng Heneral. Agad naman itong ibinalita ng sundalong nakabaril sakanilang grupo na tinamaan niya ang Heneral. Nagdiwang ang mga dayuhan. Habang ang mga Pilipinong sundalo ay may natirang walo sa animnapung sundalo at tumakas na ang mga ito. Agad nagtungo ang mga Amerikanong sundalo kung nasaan ang katawan ng Heneral—agad nilang hinubaran, kinuhaan ng mga gamit, ultimo ang mga liham na nakatago sa kaniyang sisidlan ay hindi nakaligtas at ang kaniyang talaarawan ay napasakamay din ng mga Sundalong Amerikano.

Pahuling sabi

"Nadilig ng dugo ang lupang may binhi
Ang punlang pausbong ay tuluyang nasawi
Kung ang sisidlang pandilig—laman ay tubig
Ingay ng alon ang siyang ating madidinig

Salamat batang Heneral legasiya mo'y hindi na mawawaglit"

Goyo, naniniwala ako na tapat ka sa iyong bayan. Hindi mo kami pinabayaan. Inialay mo ang iyong buhay para sa kapakanan ng iba. Pero sa huli ay tinraydor ka ng mismong kababayan natin. Masakit man isipin, marahil ito na rin talaga ang naka-ukit sa iyong kapalaran. Gusto ko sanang iangat ang mga nagawa mong kabutihan sa ating bayan. Gusto pa sana kita ipagtanggol dahil tao ka lamang din—nagkakamali at kung minsa'y nabibigo. Siguro ang masasabi ko lang ay hindi ka dapat balewalain. Yung mga nagawa mo para sa bayan ang dapat naming alalahanin. Sa kabila ng mga kapalpakan na nagawa ng iyong amo—marahil naging tapat ka lang din. Marahil pananaw mo din ang siyang sumira sa iyo. Marahil nagnais ka rin ng magarbong papuri dahil tao ka lang din. Nabubulag sa karangyaan, kasaganahan, at sa kasikatan. Pero yung mga nagawa mo para sa bayan ay hindi na matutumbasan.

Maraming salamat sa iyong kagitingan. Salamat sa pagbibigay ng impluwensya na maging matapang lalo pagdating sa bayan. Salamat at hindi mo kami pinabayaan. Ang talino mo'y iyong ginamit pagdating sa digmaan. Salamat sa pag-aalay mo ng buhay. Naniniwala ako na isa kang bayani ng ating bayan. Kahit na minsa'y naging traydor ka sa aking mga mata. Mananatili ang iyong legasiya. Maraming Salamat Batang Heneral.

III

Sikolohikal

Si Quezon ay tinaguriang Ama ng wikang pambansa. Matalino, madiskarte, makapangyarihan, maimpluwensiya, sarkastisko, sugarol, antipatiko, doble kara, at epal. Maraming nagsasabi na siya daw ang basehan ng bawat politko. Alam niya ang sugal at laro sa politika. Hindi siya basta-basta nagpapatalo. Hindi siya basta-basta nagpapadaig. Marumi ang hatid niyang politka. Bagamat gusto siya ng mga tao dahil sa angking galing na meron siya. Subalit iba ito sa aking paningin base sa dapat na ugali at pagkilos bilang isang politiko.

Tulad ng karaniwang nangyayari sa kasalukuyang estado ng politiko dito sa ating bansa—ganoon din ang nangyayari noong panahon nila. Negosyo, pamumulitika, pagpapahalimuyak sa pangalan sa publiko. Halos walang pinagkaiba sa kasalukuyan. Ngunit iba itong si Quezon, may gustong-gusto siyang nilalaro. Ibang negosyo ang hangad niya, iba ang talino pagdating sa politika. Pinababagsak ang mga kumalakaban sa kaniya. May monopolyo kumbaga.

Napagsabay ni Quezon ang sariling interes at kapangyarihan sa pagtrabaho niya upang mapaganda ang ating bansa.

Para sa akin, hindi na masama yon sa kasalukuyang nagaganap. Kahit may sarili siyang interes napaganda pa din naman niya ang Pilipinas at nakasentro pa din sa bayan ang galaw niya upang mapaganda ang bansa natin. 'Yun nga lang ang lahat ng ito'y laro lamang sa kaniya. Iyon ang sa palagay ko lamang.

Realidad o katotohanan. Yan ang prinsipyo ni Quezon—ang realidad ng Politika. Ang paniniwala ni Quezon ay hindi daw maisasalin sa totoong buhay ang tunay na katangian ng isang politiko. Hindi porke may pamantayang katangian ang politiko ay ito na daw ang tiyak na makikita ng ating mga mata. Dahil iba ang katotohanan sa realidad at walang pinipili ang realidad.

Pero para sa akin, katotohanan pa rin ang siyang mananaig.

Marami sa mga kababayan natin ang hindi nakakaunawa sa tunay na kahulugan ng Independensiya na inaasam-asam natin laban sa mga Amerikanong dayuhan. Dala na rin siguro ng kakulangan ng kaalaman dahil sa mga kastila noong araw.

Nakakalungkot, ang sakit sa puso na bukod sa tayo'y inalipin—inadya pa tayo maging mangmang upang maging sunud-sunuran sa kanila.

"Tanaw ba sa salamin ang iyong tanglaw?
Nakatalikod ang anyo—pagkasentro ng ilaw
Hindi nakasilid ang paningin sa iisa
Dahil ang indibidwal ay may kasama at hindi siya nagiisa
Huwad nga ba ang daluyong na ating nalalanghap?
Sa katunayan, ang realidad ang tunay at ang tunay ay panggap"

Quezon laban kay Osmeña

Tulad ng kasalukuyang sistema ng bansa ang dalawa ay matalik din na magkaibigan—ang Pangulo ng Senado at ang Punong Tagapangasiwa ng Kapulungan. May mga hindi napagkakasunduan ang dalawa—may nagaganap ding paninira laban sa isa't-isa. Kanya-kanyang siraan, kanya-kanya ding pagsusuot ng baluti ang dalawa. Ngunit, ano nga ba ang pinaglalaban ng dalawa? Pinaglalaban nga ba o baka naman para sa mas matayog pang adhikain?

Nabalitaan ni Quezon na maraming nagnanais na tumakbo bilang Punong Tagapangasiwa ng Kapulungan. Isa-isa niyang tinanong ang mga kapwa Senador at hinihiritan niya ito ng impormasyon lalo na ang mga gustong kumandidato. Isa-isa din niyang sinusuhulan ang mga ito.

Grabe ano? Talaga bang basehan siya ng politiko? O baka basehan ng isang maruming pamumulitka?

Para kay Quezon ang politika ay para lamang isang laro. Para sa kaniya isang lamang itong *chess game*—sayaw ng mga taktika, larong pangkaisipan, ika nga alam niya ang pasikot-sikot, alam niya ang pambobola sa mga kapwa niya Senador. Magaling siyang magsalita, magaling siyang makisama, magaling siyang magkubli, alam niya kung ano ang nais makita ng mata at iyon ang kaniyang ipapakita.

At sa pagpapatuloy ng mga kaganapan, dito ay lalong nag-init ang dalawang panig. Palitan ng maiinit na salita. Siraan ng dalawang panig at kumalat sa buong bansa ang nagaganap na girian ng dalawa. Hanggang sa nauwi sa pagbibitiw ang dalawa sa kani-kanilang mga posisyon. Si Osmeña bilang Puno ng Tagapangasiwa ng Kapulugnan at si Quezon naman bilang Pangulo ng Senado.

Sa mga sumunod na eksena dito'y pinatawag sila ni Wood—ang Gobernador-Heneral ng Amerika. Dahil sa nangyaring pagbibitiw ng dalawa sa kani-kanilang mga posisyon—ipinatawag ang dalawa upang kausapin at sabihin na hindi magaganap ang hinahangad nilang independensya dahil sa mga kaganapang ito. Dahil hindi pa daw handa ang Pilipinas para sa independensya. Mariing sinabi ni Quezon na hindi personal ang kanilang palitan ng salita bagkus isa lamang daw itong politika at dito nga'y ipinaliwanag ni Wood na hindi nauunawaan ng karamihan sa mga kababayan natin ang ibig sabihin ng Independesya.

Ngunit isa pa ding palaisipan sa sakin ang mga nangyayari. Ano nga ba ang laro na linalaro ni Quezon? Hindi ko siya maintindihan. Ano nga ba ang mga susunod niyang gagawin? Ano nga ba ang kaniyang plano? Ang hirap din pala niyang kalaban. Totoo nga kaya ang doble karang ibinibintang sa kaniya? Parang kapag kaharap mo ang bait pero hindi mo alam kung sarkastiko. Hindi ko malaman kung ano ba ang totoo.

Alam na alam niya ang laro sa politka—parang kahit ako gusto ko siyang makalaro sa ganitong larangan. Kung ang politiko ay larong pangkaisipan—isa siguro siya sa gustong kong makalaro. Henyo siya pagdating dito.

Nangyari na ang dapat mangyari. Si Manuel Roxas na ang pumalit bilang Punong Tagapangasiwa ng Kapulugan at tuluyang bumitaw si Osmeña sa kaniyang posisyon. Habang si Quezon naman ay nanatili sa kaniyang posisyon bilang Pangulo ng Senado.

Oh diba? Ang galing din pala talaga manlinlang. Hindi din talaga siya basta-basta sa larong ito. Pakiramdam ko tuloy ako ang naishan niya sa larong ito. Naku! Kung andito lang ako—hindi ako papayag magpatalo sa antipatikong ito.

Pagtapos niya kay Osemeña ang susunod niyang aasintahin—sino pa ba? Walang iba kung hindi ang Gobernador-Heneral ng Amerika, si Leonard Wood.

Quezon laban kay Wood

"I would pefer a Government run like hell by Filipinos to one run like heaven by Americans!" -Manuel Luis Quezon

Si Conley ay isang Amerikanong Militar na nasa pangangalaga ni Wood. Si Conley ay tapat sa kaniyang trabaho. Hinuhuli niya ang mga Pilipinong gumagawa ng mga ilegal na aktibidades. Ginagawa niya ang kaniyang tungkulin. Ngunit sa hindi inaasahan ay nakabangga nito ang isang Mayor—si Mayor Fernandez ng Maynila. Isang araw hindi natuwa ang Mayor sa kaniya, dahil sa ginagawa nito. Kaya ang ginawa ng Mayor ay nagpakalat siya ng haka-hakang kwento na si Conley ay isang kawatan, si Conley daw ay isang mapang-abusong militar, at busabos. Kumalat ang mga impormasyong ito sa pamamagitan ng peryodiko. Ang resulta ng pangyayari ay tinanggal sa serbisyo si Conley. Ngunit ito'y masuring pinag-aralan ni Wood at dito ay napatunayan na si Conley ay inosente at naibalik siya sa kaniyang trabaho.

Agad ding nabalitaan ng Mayor ang pagbabalik ni Conley sa trabaho at hindi ito ikinatuwa ng Mayor. Agad nagtungo ang Mayor sa himpilan ni Wood upang kuwestyuinin ang pagbalik-trabaho ng Militar at dito nga'y nagtalo na ang Mayor at ang Gobernador-Heneral. Pumanig si Wood kay Conley at hindi ito ikinatuwa ng Mayor. Naisip ni Mayor Fernandez na lumapit kay Quezon upang humingi ng tulong at walang anu-ano'y pumayag ang Pangulo ng Senado—dito na masisindihan ang mitsa ng giyera sa pagitan ni Quezon at Wood.

Ang unang hakbang ni Quezon ay bumaba mula sa puwesto bilang Pangulo ng Senado. Inisip ni Quezon na kung gagawin niya ito ay baka

magbago ang isip ng Gobernador-Heneral. Ngunit ikinalugod pa ito ng Amerikano at hinayaan na bumaba siya puwesto.

Hmm… Mukhang sablay ata ang planong ito. Ito na ata ang ganap niyang pagkatalo?

At dahil mukhang bigo ang plano ni Quezon—inatasan niya si Manuel Roxas upang magtungo sa Amerika upang kausapin ang Pangulo ng Amerika at sabihin na gusto nilang ipatanggal si Wood bilang Gobernador-Heneral.

Ang gulo talaga ng politko. Talagang hindi magpapatalo itong si Quezon. Ginagawa niya talaga ang lahat para sa kapangyarihan.

Hindi pa man nakakausap ni Roxas ang Pangulo ng Amerika—dito'y napansin ni Wood ang tila pagbabago sa kapaligiran. Naging makalat ang kaniyang himpilan, gawa siguro na umalis din ang mga Pilipinong tauhan. Ang mga magarbong bangka na kaniyang sinasakyan ay wala na din. Medyo nagbago ang ihip ng hangin at ipinagtataka niya ang mga kaganapang ito.

Sa Sumunod na eksena ay nagtungo si Quezon sa dating Pangulo na si Emilio Aguinaldo. Hiniling niya na kondenahin ni Aguinaldo si Wood.

"Sumosobra na kasi yang putang inang 'yon eh! Ang akala niya kaya niyang brasuhin ang mga Pilipino ng ganun-ganun na lamang. Punyeta!" galit na pagkakasambit ni Quezon. *"Ano ang pinapakiusap mo?"* tanong ni Aguinaldo. *"Kondenahin mo lamang si Wood. Isang beses lang"* pakiusap ni Quezon.

Palagay ni Quezon ay maraming makikinig sa dating Pangulo kaya niya ito nilapitan at pinakiusapan. Ngunit duda na si Aguinaldo para gawin ito.

Sa mga hindi nakakaalam si Aguinaldo ay bumaba mula sa pagkapangulo sa ngalan ng mga Amerikano—pagkatapos niyang madakip sa mga kamay ng mga ito. Siya ay namuhay nalamang bilang isang simpleng mamamayan at

magsasaka—sa kasalukuyang panahon ay pinatitira na lamang ni Quezon si Aguinaldo sa lupaing ipinagkaloob sa kaniya nito.

Ngunit sa hindi inaasahan, imbis na gawin ni Aguinaldo ang pakisaup ni Quezon—pinuri pa nito ang Gobernador-Heneral. Kumalat ang balitang ito sa pamamagitan ng peryodiko. Hanggang sa nakarating mismo ang balita kay Quezon. Hindi natuwa si Quezon

Ang maamong kuting ay bigla na lamang nagbago ang anyo bilang isang mabangis na tigre.

At ang masamang balita ay nasundan pa nang hindi pumayag ang Pangulo ng Amerika sa kahilingan nito na tanggalin si Wood sa kaniyang posisyon.

Sa sumunod na eksena—mukhang nakaagapay kay Quezon ang tadhana. Dahil sa edad na animnapu't anim si Wood ay binawian ng buhay. Ikinatuwa ni Quezon ang nangyari dahil wala na ang hadlang sa kaniyang mga plano.

Dito ay nagkaroon pa ng haka-haka ang mga tao na si Quezon daw ang sanhi ng pagkamatay ni Wood dahil matalik na magkatunggali daw ang dalawa pagdating sa politika at mainit na mainit ang dalawa sa panahon na ito. Ngunit ang ulat-klinilak na ang patunay na ang sanhi ng pagkamatay ni Wood ay sakit. Para kay Quezon ito na ang simula. Dahil din sa pangyayari ay unti-unti na nating nakakamit ang independesya na ating hinahangad. Sa nangyari kay Wood ay may pagkakataon na ang mga Pilipino upang tumakbo sa Pambansang Halalan. Babalik na sa kamay ng mga Pilipino ang kapangyarihan upang mamahala sa sarili nating bansa.

Kasama na sa mga plano ni Quezon ang mga ito—kaya nais niyang tumakbo sa pagkandidato bilang Presidente at dahil tatakbo ang mokong—agad siyang nagtungo sa himpilan ni Osmeña upang alukin ito bilang kaniyang Bise Presidente.

Quezon laban kay Aguinaldo

Dumating na ang araw ng pangangampanya para sa Pambansang Halalan at dito nga'y mainit ang laban sa pagitan ni Quezon at Aguinaldo.

Palagay ko'y lamang si Quezon sa laban. Si Quezon ay may magarbong kampanya, may makinaryang maganda, may diskarte at higit sa lahat may pera. Habang si Aguinaldo ay tagilid sa labang ito. Hindi siya kumpleto sa makinarya. Simple ang pangangampanya, at hindi pumapantay sa lebel ng salapi na meron si Quezon. Personalan ang tirada, siraan dito at siraan doon. Kanya-kanyang palitan ng maiinit na salita, kalaban ang turingan. Gaya na lamang ng mga nagaganap sa atin sa kasalukuyan. Biruin mo 'yon—walang nagbago mula noon hanggang ngayon.

Sa kalagitnaan ng halalan ay biglang may sumulpot na isang ginoo—ang noo'y kapitan sa ilalim ni Aguinaldo. Si Janolino—ang isa sa mga kapitan ni Mascardo. Isa sa mga sundalo ng Batalyong Kawit at mukhang sinadya niya si Rusca upang kausapin ito. Dito nga'y inamin ng dating kapitan na siya ang unang tumaga kay Heneral Luna sa Cabanatuan sa mismong himpilan ni Aguinaldo at inamin din niya na si Aguinaldo mismo ang nag-utos sa kaniya na gawin ito. Di rin nagtagal ay kumalat ang balita sa pamamagitan ng peryodiko. Sinamantala ito ng panig ni Quezon. Ngunit agad naman itong pinabulaanan ni Aguinaldo.

Ganito naman palagi ang halalan hindi ba? Sa mismong halalan nagkakalabasan ng baho ang bawat isa. Pero siyempre kaniya-kaniya pa ring depensahan 'yan. Hindi naman masasagot ang mga katanungang iyan. Ang tanging tanong lang naman na maaaring masagot ay: Ano nga ba ang bago? WALA!

Impluwensya at kapangyarihan ang nasa kamay ni Quezon—habang si Aguinaldo ay halos walang natira. Ultimo ang pinagkaloob ni Quezon na lupain sa kaniya upang gamitin sa pagsasaka ay binawi din. Maganda ang salubong ng halalan kay Quezon samantalang kay Aguinaldo ay kabaligtaran nito. Sa kalagitnaan ng pangangampanya ni Aguinaldo—isang ginoo ang muli na namang nagpakita—si Janolino.

Si Janolino ay kasalukuyang Tanod-Bulwagan sa ilalim ni Manuel Quezon.

Ang traydor ay traydor kahit pa baligtarin.

Ang Pangulo

Nanalo si Quezon at siya ang nahalal bilang Pangulo ng Bansa. Iba ang naging pamamalakad ni Quezon pagdating sa politka, hindi pagpapatatag ng pundasyon sa bansa ang kaniyang pangunahing adhikain. Dito'y mas pinagtuunan niya ng pansin ang taktika at estratehiya ng laro sa politika. Hangad niya ang maging pinakamahusay sa larong ito. Sa halip na tuluyang paalisin ang mga amerikano upang mismong mga Pilipino na ang humawak dito at maabot agad natin ang independensya—ang ginawa niya ay tinamasa niya ang kaniyang posisyon at ginamit niya ang mga kano upang magandap ito. Ang pananatili ng mga kano sa ating bansa ay tagumpay ni Quezon. Gaya ng nakararami si Quezon ay bulag sa kapangyarihan.

Kung laro sa politiko ang paguusapan—walang duda napakabihasa ni Quezon pagdating sa larangan na ito. Ngunit hindi angking galing lamang ang dapat pairalin pagdating sa pagiging politiko. Hindi sapat na utak ang gamitin sa labanan. Ang isang politiko ay kinakailangan din ng damdamin para sa kapwa niya. Hindi laro ang politiko. Pinagkatiwalaan ka ng taumbayan upang pangalagaan sila at kung buenas ka man sa larong ito—sa kalusugan tiyak ang iyong himlay. Sa sugal na iyong isinugal—buhay ang sisingil sa'yo. Pinatunayan mo lang na katakam-takam ang kapangyarihan. Siguro kung ito'y aking matitikman ay hindi ko magugustuhan ang lasa. Di bale na lang na mahirap, huwag lamang akong mabulag.

"Hindi paligsahan ang politka sa ating bayan
Nabalot na ba ng putik ang iyong kamay para makita ang gusti sa kanilang palad?
Kaya bang yumuko ng makapangyarihan?
Kaya din ba nilang mamaluktot sa ating higaan?

Ang monopolyo sa larong ito ang siyang sisira sa atin
Hindi nagkaisa ang mga piraso sa palaisipang ito
Maging pantas na matatas ang kaniyang adhikain
Dahilan ng kalugmukan sa bayan natin.

Kung ganito ang pasikot-sikot sa larong ito, ayoko niyan.
Hindi ko 'yan panghahawakan
Matatag ang silungan ng mga nananalig ng kaligtasan
Masyadong maraming politiko sa bansa, kakaunti lamang ang lingkod bayan.

Hindi mapagkakaila ang aking mong talino pagdating sa larong ito
Ang sugal, pasikot-sikot, at kapangyarihang kinalulugdan ay sinasalo
Sa pag-aakalang wala itong hangganan—ngunit ika'y mapipikon kapag tadhana ang nagbiro
Ang lubos na kaligayahan ay may kalakip na pagkabigo
Ang buhay ay isa sa mga sugal na hindi mo kayang ipanalo
Kung magaling ka sa larong ito—sa kalusugan ka naman natalo."

Tungkol sa Awtor

Si Pope Paul ay isang ordinaryong tao na may malawak na imahinasyon at maraming tanong tungkol sa buhay, lipunan, at pagkatao. Hindi siya kilala bilang espesyal na tao—isa lamang siyang tahimik na tagamasid ng mundo na ginagawang salita ang mga bagay na mahirap ipaliwanag. Si Pope ay mapagmasid na inilalagak sa pagsusulat ang mga guniguni, agam-agam, at mumunting hibla ng reyalidad na madalas isinasantabi ng karamihan. Sa pamamagitan ng panulat, binigyang-buhay niya ang mga tinig na madalas manatiling nakapiit sa katahimikan. Ang pagsusulat ang nagsisilbing niyang kanlungan mula sa ingay ng daigdig. Ginagamit niya ang pagsusulat bilang daluyan ng kaniyang pananaw, gunit at mga kubling saloobin.

Maaari akong makontak sa:

instagram.com/popepaul777
twitch.com/popepaul505
popepauldclxvi505@gmail.com